


Edukasyon sa Pagpapapakata

O

**Ikalawang Markahan- Modyul 6
Kapaligiran Aalagaan Ko, Para sa
Sarili at Kapuwa-Tao!**



**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Kwarter 2 –Modyul 6 - Kapaligiran Aalagaan Ko, Para sa Sarili at Kapuwa –Tao!
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura
Editor:	Mary Jean B. Brizuela, Sheila C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon
Tagaguhit:	Jed T. Adra
Tagalapat:	Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca, Neil Edward D. Diaz
Mga Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan- Modyul 6
Kapaligiran Aalagaan Ko,
Para sa Sarili at Kapuwa-Tao!**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Tayong lahat ay nagnanais ng isang malinis, tahimik at kaaya-ayang kapaligiran. Masarap tumira sa isang lugar na ang lahat ay may pagkakaisa at pagtutulungan upang makamit ito? Ganito kaya sa iyong lugar? Kaya mo bang maging bahagi ng isang magandang kapaligiran? Paano mo ito makakamit? May magagawa ka ba?

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa pamamagitan ng pagpapanatiling tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran bilang paraan ng pakikipagkapwa-tao.



Subukin

Sa maikling pagsusulat na ito matutuklasan mo kung ano ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Subukin mo ang mga ito at isulat sa iyong kuwaderno ang mga sagot.

A. Isulat sa patlang ang salitang **TAMA** kung ang pahayag ay tama o **MALI** kung hindi-wasto.

- _____ 1. Nakikinig ako ng musika sa mahinang tunog lamang.
- _____ 2. Sumisigaw ako at nadadabog kapag nakita kong marumi ang bakuran.
- _____ 3. Nakikiisa ako sa mga programang pangkalinisan at pangkatahimikan sa aming komunidad.
- _____ 4. Nagaganyak akong tumulong sa pagwawalis ng bakuran sa kapitbahay.
- _____ 5. Hinahayaan ko ang mga kalat sa daan.

B. Piliin at isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot sa bawat sitwasyon

- _____ 1. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng pagpapanatili ng katahimikan sa pamayanan?
A. Walang habas na pagpalahaw sa lansangan

- B. Magdamagang sesyon ng kantahan sa videoke
 - C. Malakas na pagpapatugtog ng radio o paboritong kasangkapang pangtugtog
 - D. Masaya at banayad na pakikinig sa musika ng hindi nakakagambala sa kapitbahay.
- ____ 2. Ano ang nararapat ugaliing gawin tuwina matapos gumamit ng mga pasilidad tulad ng paliguan o palikuran?
- A. Iwanan ng marumi
 - B. Dagdagan pa ang kalat
 - C. Ipaubaya sa tagapaglinis
 - D. Linising mabuti matapos gamitin
- ____ 3. Ano ang nararapat gawin upang ang dumi o kalat sa sariling bakuran ay maiwasang mailipat sa kapitbahay o kanugnog na paligid.
- A. Linising mabuti ang bakuran.
 - B. Itambak lamang sa bakuran.
 - C. Ipagpaliban ang paglilinis ng bakuran.
 - D. Ipaubaya sa ibang tao ang paglilinis ng bakuran.
- ____ 4. Ang mga susumusunod ay mga gawaing nagpapakita ng maayos at ligtas na kapaligiran **MALIBAN** sa:
- A. Pagreresiklo ng mga basura
 - B. Pagsunod na mabuti sa *curfew hour*
 - C. Pagsamasamahin ang mga basura sa isang lalagyanan
 - D. Pagsunod nang mabuti sa mga batas at ordinansa sa komunidad.
- ____ 5. Upang higit na maging masaya at kapakipakinabang ang pamamasyal sa mga liwasan at pook libangan, ano ang dapat laging isagawa?
- A. Makipag-unahan sa paggamit ng mga *amenities* tulad ng *slides/swing*
 - B. Pitasin at iuwi sa bahay ang mga bulaklak at halamang *ornamental*.
 - C. Iwanan at ikubli ang mga pinagbalatan ng mga pagkaing baon sa mga halamanan
 - D. Maingat na gamitin at linisin pagkatapos gamitin ang mga pasilidad tulad ng mga palikuran, *hand dryer* at iba pa

Aralin

1

Kapaligiran Aalagaan Ko, Para sa Sarili at Kapuwa Tao!

Ikaw at ang iyong kapuwa ay may pananagutan sa iyong kapaligiran. Upang lubos mong makamit ang isang ideyal na kapaligiran, mahalagang ang iyong gawain, kilos at ugali ay makapagdudulot ng kabutihan para sa isang maayos at maunlad na kapaligiran.

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang malaman ang pagpapahalaga sa kapaligiran. Matututuhan mo ang pagpapakita ng mga paraan sa pagpapanatiling malinis, tahimik at kaaya-ayang kapaligiran bilang tanda ng pakikipagkapuwa-tao. May mga gawain sa modyul na ito na magsisilbing gabay mo kung paano magkakaroon ng hinahangad mong maayos na kapaligiran.



Balikan

Sa nakaraang modyul natutunan mo ang paggalang sa iba sa paggamit ng pasilidad ng paaralan gaya ng palikuran, silid-aklatan at palaruan nang may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa. Ngayon mas lalong yayabong ang iyong kaalaman sa konsepto ng paggalang sa bago mong aralin. Kaya masigla mong gawin ito sa iyong journal.

Itiman ang bilog na nagpapakita ng pag-iingat sa pasilidad na ginagamit. Gawin ito sa iyong *journal* o sagutang papel.

- ☐ 1. Iniiwasan ko ang pagsulat sa dingding/pader ng palikuran.
- ☐ 2. Nililinis kong mabuti ang ginamit na palikuran tanda ng pagmamalasakit sa susunod na gagamit.

- ☐ 3. Ibinabalik ko nang maayos at sa takdang oras ang aklat sa silid-aralan.
- ☐ 4. Maayos na pumipila sa tuwing bumibili ng pagkain sa kantina.
- ☐ 5. Pinipitas ko ang mga naggagandahang dahon at maging ang *rare* na bulaklak bilang *souvenir* mula sa binibisita kong mga pasyalan at liwasan.



Tuklasin

Basahin ang tula at sagutin ang mga tanong sa ibaba.
Isulat ito sa iyong kuwaderno.

Maayos na Kapaligiran, Hangad ng Sinuman

Isinulat ni Agnes D. Nocos

Ohh... anong sarap ng aking gising!
Dahil ako'y nakatulog nang mahimbing
Tila mga kapitbahay at kasama sa bahay
Kagabi'y tahimik, di gumawa ng ingay.

Hmmm... sarap langhapin
Sariwang hangin mula sa hardin
Malinis, maaliwalas at maayos
Kapaligirang likas at handog ng Diyos.

Patuloy tayong magkaisa at magtulungan
Panatilihing tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran
Hindi lang pansarili, kundi pandaigdigang tagumpay
Ang makakamtan ng ating buhay.

Salamat kapamilya at kapuwa ko
Salamat sa pakikiisa ninyo
Ating ipagpatuloy, pagiging disiplinado
Palaging isaisip ang mabuting pakikipagkapuwa -tao.

1. Anong mensahe ang nais ipaabot ng tula?

2. Paano mo mapapanatiling maaliwalas at tahimik ang iyong kapaligiran?

3. Ano ang kahalagahan ng pagpapanatiling malinis, tahimik at maayos ng iyong kapaligiran?

4. Paano mo pangungunahan ang pagpapanatili ng katahimikan at kalinisan ng iyong lugar at paaralan?



Suriin

Ang pakikipagkapuwa ay ang paraan ng pakikitungo sa kapuwa-tao. Ito ay pakikipamuhay kasama ang kapuwa. Dahil sa kanila natuto kang makiisa at makibagay sapagkat hindi lahat ng iyong gusto ang kailangang masunod.

Ayon nga sa kasabihan, walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang. Kailangang isaalang-alang ang karapatan ng iba para sa isang tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran. Dahil dito mahalagang makiisa at makipagtulungan upang mapanatili ito.

Ang pagpapanatiling malinis at kaaya-aya ng kapaligiran ay mahalaga hindi lang para makaiwas sa sakit kundi nagdudulot din ito ng kaginhawahan at kapayapaan hindi lang sa isip pati na rin sa pakiramdam. Kung malinis at kaaya-aya

ang kapaligiran, lahat ng nakatira sa lugar ay magkakaroon ng maaliwalas at mapayapang pagsasamahan.

Ang pagpapatupad ng *curfew*, pagbabawal sa pagbi-*videoke* kapag sumapit na ang ikasampu ng gabi at kung oras ng *online class* ay mga halimbawa ng mga programang ipinapatupad ng pamahalaan para sa iisang layunin nito. Ito ay ang magkaroon ng pangkalahatang pag-unlad at katahimikan. Ang lahat ay nagtutulungan para sa ikaaayos at ikatatahimik ng lugar na inyong tinitirahan.



Pagyamanin

Ang mga gawain dito ay mas lalong magpapatibay sa iyong mga pag-unawa at kasanayan tungkol sa paggalang sa iba sa pamamagitan ng pagpapanatiling tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran bilang paraan ng pakikipagkapwa-tao.

Gawain 1 Sanhi at Bunga

Basahin at unawaing mabuti ang bawat senaryo (sanhi) at iugnay sa pamamagitan ng pagpili ng titik sa loob ng kahon na tumutukoy sa wastong kasagutan (bunga o resulta).

- | |
|--|
| <ul style="list-style-type: none">A. dahil pangako nito'y masaganang huliB. sapagkat malinis na bakuran ang naisC. kasi tahimik na komunidad mamamayaniD. kung kaya sariwang hangin ang makakamitE. sapagkat lipi'y maliligtas sa sigwa at dalamhatiF. kapag malusog na kaisipan wagi |
|--|

- _____ 1. Luntian at hitik na punongkahoy sa paligid
- _____ 2. Tuwina'y walis at sisidlang kalat ang gamit
- _____ 3. Malinis na karagatan pangalagaan
- _____ 4. *Curfew* hours tupding mabuti
- _____ 5. Programang pangkapaligiran unahin

Gawain 2 Picture Analysis

Pag-aralan ang mga larawan. Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno.



A



B

Mga Gabay na Tanong

1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng malinis at maayos na kapaligiran. Bakit?

2. Katulad din ba ito ng iyong kapaligiran?

3. Paano ka makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng iyong kapaligiran?



Isaisip

BRIGHT IDEA

Isulat sa patlang ang naiisip na paraang gagawin sa pagtataguyod ng isang malinis, tahimik at kaaya-aya kapaligiran (*preferred future*).

Maisasagawa mo ba ang mga naisip mong paraan sa pagtataguyod ng isang malinis, tahimik at kaaya-ayang kapaligiran lalo't tayo ay kasalukuyang nahaharap sa kasalukuyang pandemya?



Isagawa

Oplan Linis Bahay

Gamit ang talaan lagyan ng tsek (✓) ang hanay ng mga gawain nagawa na at ekis (X) kung hindi.

OPLAN LINIS BAHAY	Nagawa	Di-nagawa
1) Nagwalis ako sa loob at labas ng bahay.		
2) Tinanggal ko ang mga agiw sa kisame.		
3) Pinunasan ko ang upuan at mesa sa loob ng bahay.		
4) Itinapon ko ang mga kalat sa tamang lagayan.		
5) Binunot ko ang mga ligaw na damo sa paligid ng halaman.		

6) Niligpit ko nang maayos ang mga kumot at unan sa aking silid-tulugan.		
7) Nilabhan ko ang mga kurtina at kumot na marurumi na.		
8) Naglinis ako ng palikuran.		
9) Niligpit ko ang mga kalat sa sala at inilagay sa tamang lalagyan.		
10) Hinugasan ko ang mga paso ng halaman ni Nanay at nagtanim ng mga halamang namumulaklak.		

Sagutin ang sumusunod sa inyong kuwaderno:

1. Bilang ng mga gawain na nagawa mo na: _____
2. Bilang ng mga gawain na hindi mo pa nagagawa: _____
3. Sa mga gawain na hindi mo nagawa, gumawa ng *Plano ng Gawain* upang maisagawa ang mga ito. Ito ay upang mapanatiling tahimik, malinis at kaaya-aya ang inyong kapaligiran.
 - A. Isulat ang hakbang na iyong gagawin upang maisakatuparan ang iyong plano.
 1. _____
 2. _____
 3. _____
 - B. Ilagay ang petsa ng pagsasagawa ng gawain.
 - C. Banggitin ang taong tumulong saiyo sa pagsagawa nito
4. Matapos maisagawa ang gawain isulat sa dyornal kung ano ang iyong nararamdaman kapag napapanatili mong malinis, tahimik at kaaya-aya ang iyong kapaligiran?
5. Paano naipakikita ang paggalang sa kapuwa kapag napananatiling tahimik, malinis at kaaya-aya ang kapaligiran?



Tayahin

A. Iguhit sa patlang ang hugis-puso (♥) kung nagpapakita ng paraan ng pakikipag-kapuwa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng malinis, at kaaya-ayang kapaligiran, at hugis tatsulok (△) kung hindi.

- ___ 1. Sinisigawan ko ang mga batang naglalaro sa aming bakuran.
- ___ 2. Iniiwasan ko ang pagsasalita nang malakas sa loob ng pampublikong sasakyan upang hindi maabala ang ibang pasahero.
- ___ 3. Nakikiisa ako sa paglilinis ng aming purok kapag malapit na ang pista o *sports tournament*.
- ___ 4. Tinitiyak kong nabubukod ang nabubulok at di-nabubulok na basura sa bahay bago hakutin ng mga kawani ng solid waste ng aming lokalidad.
- ___ 5. Wala akong pakialam sa ipinatutupad na *curfew hours* sa aming barangay.

B. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

- 1. Narinig mong nakikipag-away ang kaibigan mong si Richard. Dali-dali kang tumakbo papunta sa kaniya at nakita mong binabato niya ang isang bata? Ano ang iyong gagawin?
 - A. Sisigawan ko ang bata para matakot.
 - B. Tutulungan ko siya upang matalo ang bata.
 - C. Sasawayin ko at pagsasabihan ang kaibigan ko.
 - D. Pababayaang ko lang hanggang sa huminto ang kanilang pag-aaway.
- 2. Ang mga sumusunod ay naglalarawan ng maayos at tahimik na kapaligiran **MALIBAN** sa:

- A. Masaya at may pagkakaunawaan ang magkakapitbahay sa Barangay Tahimik.
 - B. Nababahala ang mga mamamayan ng Barangay Maalalahanin dahil sa lumalaganap na akyat-bahay sa kanilang lugar.
 - C. Sumusunod sa *curfew* ang mga mamamayan sa Lungsod ng Masunurin.
 - D. Walang maririnig na ingay ng *videoke* kapag sumapit ang alas onse ng gabi sa Barangay Bida.
3. Magkapatid sina Ara at Dana at iisa ang kanilang silid-tulugan. Maayos si Ara sa gamit samantalang si Dana ay magulo sa kaniyang mga kagamitan. Minsan, naiinis na si Ara dahil hindi siya mapakali sa tuwing makalat ang kanilang silid. Kung ikaw si Ara, ano ang iyong gagawin?
- A. Aawayin si Dana
 - B. Hahayaan lang ito
 - C. Isusumbong si Dana sa nanay
 - D. Aayusin ang mga gamit at kakausapin si Dana na tumulong mag-ayos ng kanilang silid-tulugan
4. Ang mga sumusunod ay mga katangian ng isang kaaya-ayang kapaligiran, **MALIBAN** sa:
- A. Makalat na kalye.
 - B. Luntiang kapaligiran.
 - C. Maayos at malinis na *drainage system*.
 - D. Pagsunod sa “*No Parking Area, No Car Policy*”.
5. Paano ka makatutulong para makamit ang pagkakaroon ng isang kaaya-ayang kapaligiran?
- A. Huwag pansinin ang itinakdang *curfew hour*
 - B. Makibahagi sa *Clean and Green Program* ng barangay
 - C. Makipagkaibigan sa mga tambay na naninigarilyo at nag-iinuman
 - D. Magkunwaring hindi nakita ang tambak na basura sa kusina



Karagdagang Gawain

Buuin ang kaisipan sa pamamagitan ng paglalagay ng titik sa ibabaw ng bilang. Gamitin ang alpabetong may katumbas na bilang sa ibabaw upang mabuo ang kaisipan.

A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M	N	O	P	Q	R	S	T	U	V	W	X	Y	Z
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

11 1 16 1 12 9 7 9 18 1 14

--	--	--	--	--	--	--	--

1 1 12 1 7 1 1 14

--	--

11 15

Matapos mong matutuhan ang nakapaloob sa modyul na ito, hangad ko na aalagaan mo ang iyong paligid at magiging mabuting tao ka sa pagpapanatili ng katahimikan, kalinisan at mapayapang kapaligiran sa iyong lugar.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

A.

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. TAMA
5. MALI

B.

1. D
2. B
3. D
4. C
5. B

Balikan

1. ☐
2. ☐
3. ☐
4. ☐
5. ☐

Tuklasin

1. -Ang pagkakakaron ng tahimik, malinis at kaaya-ayang kapaligiran
-Kapag disiplinaryado at nagtutulongan may mabuting pakikipagkapuwa-tao
-Patuloy na magkaisa para sa kagandahan ng kapaligiran

2. -Makipagtutungan sa paglilinis ng kapaligiran.
-Iwasan ang paggawa ng ingay, pagkakalat sa paligid at paggawa ng di-kanais-nais na gawain na makasisira ng kapaligiran.
-Magkaroon ng disiplina sa sarili.

3. -Upang magaan sa pakiramdam.
-Upang kapaligiran ay maganda at kaaya-ayang tingnan.
-Upang maging mauulat ang ating komunidad.
-Upang maiwasan ang pagkakaroon ng sakit.
-Upang saritwang hangin ay ating malanghap.

4. -Ipaturapad ko ang programang pangkalinisan tulad ng *Clean and Green Program*
-Magtatanim kami ng mga halamang ornamental at mga punongkahoy.
-Susundin namin ang programang Tapat Mo, Linis Mo.
-Sasawayin ko ang mga taong malingay sa kalsada lalo na kapag gabí na.
-Ipapalalam ko sa mga kasama ko ang pagsunod sa *curfew hours*

*Maaaring magkakaiba- iba ang sagot ng mga mag-aaral dito

Karagdagang Gawain													
K	A	P	A	L	I	G	I	R	A	N			
11	1	16	1	12	9	7	9	18	1	14			
A	A	L	A	G	A	A	N						
1	1	12	1	7	1	1	14						
A	A	K	O										
1	1	11	15										

Sanggunian

K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum, Mayo 2016,

<https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/ESP-CG.pdf>.

Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Kagamitan ng Mag-aaral 2015

Globe Digital Thumbprint Program, Digital Discernment,
National Summit on Digital Citizenship and Responsibility, 2019

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph